

GMA KAPUSO FOUNDATION, NAGHATID NG AYUDA SA MGA APEKTADO NG OIL SPILL SA LUNGSOD



SA KALAGITNAAAN ng nararanasang epekto ng oil spill sa katubigan ng lungsod ay isa ang GMA Kapuso Foundation sa naging katuwang ng City Government of Calapan upang umalalay sa mga mangingisdang apektado ang kabuhayan.

May kabuuang 1,200 food packs ang inihatid ng GMA KF 'Opreation Bayanihan' para sa ilang coastal barangays sa lungsod. Noong Abril 4, ay naunang nakatanggap ng ayuda ang 432 pamilya mula sa Barangay Baruyan.

Ang isinagawang pamamahagi ay pinan-

gasiwaan ni Ms. Tina Dungca, Project Staff, GMA Kapuso Foundation Incorporated sa pakikipagtulungan ng City Fisheries Management Office na pinamumunuan ni Mr. Robin Clement Villas.

Dumalo din sa gawain si City Administrator Atty. Reymund Al Ussam upang katawanin si City Mayor Malou Flores-Morillo. Sa pamamagitan ni Barangay Baruyan Chairman Henry Dris ay ipinahayag ng mga benipisyaryo ang kanilang pasasalamat sa kabutihang loob ng GMA Kapuso Foundation para sa kanila. Matapos sa ang relief dis-

tribution sa Baruyan ay sinundan ito ng pamamahagi ng kaparehong ayuda sa mga pamilya na residente ng mga sumusunod na barangay: Wawa- 87 pamilya, mahal na Pangalan - 105 pamilya at Balite - 132 pamilya.

Samantala, nakatakda na ring dalawin ng GMA Kapuso Foundation ang iba pang coastal barangay upang maghatid pa rin ng ayuda na bahagi ng pagdamay para sa mga kababayan nating sa ngayon ay nakakaranas ng kapapansin sa epekto ng oil spillage sa ating katubigan (Junard Acapulco/CIO).

INAUGURATION & BLESSING OF THE SHRINE OF THE RIDGE TO REEF CROSS



DINALUHAN ni City Mayor Marilou Flores-Morillo ang pagbubukas ng Shrine of the Ridge to Reef Cross o ang Krus ng Kalikasan sa Sitio Centro II, Pahilahan, Pola na pinangunahan ni Pola Municipal Mayor Jenifer M. Cruz, ika-4 ng Abril.

Nakiisa si City Mayor Morillo kasama ang Poleños sa gawaing ito at aktibo din siyang umakyat sa mahigit 200 na baitang upang matunghayan ang Krus ng Kalikasan na nakaharap sa dagat ng Pola.

Natapos ng artist na si Mr. Lucky Salayog ang Krus ng Kalikasan sa loob lamang ng isang buwan gamit ang 200-year-old na punong kahoy, mga scrap metals mula sa iba't ibang mga makinarya at sa ibabang bahagi ay ipinapakita ang bakas ng oil spill tragedy sa Pola.

Ito ay tinawag na Krus ng Kalikasan dahil prayoridad ni Mayor Ina ang pangangalaga sa kalikasan,

mula sa himpapawid, kabundukan, at kapatagan.

Gayundin, napakaespesyal ng dambanang ito sapagkat ito ay naitayo sa panahon kung kailan ang bayan ng Pola ay nasa ilalim ng State of Calamity dahil sa Oil Spillage Tragedy at napapanahon din dahil sumapit na ang Kwaresma.

Hangarin lamang nina Mayor Ina at Vice Mayor Marin Rivera na maipaalala sa kanilang mga mamamayan na maging matatag at manalig sa kabila ng trahedyang sinapit ng kanilang bayan; at mapagbuklod ang bawat isa para sa kapakinabangan ng lahat.

Ang nasabing gawain ay dinaluhan din nina Coast Guard Commodore Geronimo B. Tuvilla, at Ms. Sienna Uy bilang kinatawan ni Dr. Azucena C. Pallugna, Regional Director Department of Tourism - MIMAROPA (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER
RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUOND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com
WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



SINAG PUBLISHING AND PRINTING

SINAG
PRINTING PRESS

Parian Nat'l Highway, Calamba City, Laguna
Contact us: Telefax: (049) 834-6261 • Mobile: 09205819079
Email add: tambull_press@yahoo.com.ph

For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



TINGNAN: Bilang pakikiisa sa paggunita ng Semanta Santa, inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ang kauna-unahang Moriones de Calapan 2023, sa pamamagitan ng Calapan City Tourism, Culture and Arts, sa pamumuno ni Mr. Christian Gaud.

Unang nagtanggah ang mga kalahok

na Morion, suot ang kanilang mga makukulay at magagarang Roman Costumes sa harap ng Calapan City Hall matapos ang Flag Raising Ceremony.

Ito ay hudyat sa gaganapin nilang pag-iikot at pagbisita sa kalungsuran partikular na sa Calapan Malls, City Plaza Area, City

Hall Grounds, at City Public Market mula ika-3 hanggang ika-9 ng Abril.

Layunin ng gawain na alalahanin at gunitain ngayong kuwaresma ang isa sa mga nagkaroon ng malaking papel sa buhay at pagkamatay ni Hesukristo, ang mga Moriones (Irish R. Fortu/CIO).



AYUDA PARA SA MGA MANGINGISDANG APEKTADO NG OIL SPILL, IPINAGKALOOB NG PAMAHALANG LUNGSOD NG CALAPAN

SA ILALIM NG PAMUMUNO ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, minabuti ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamamagitan ng City Social Welfare and Development Department na pinamunuan ni CSWD Officer Ms. Juvy L. Bahia, RSW na pagkalooban ng suportang ayuda ang pamilya ng mga mangingisdang apektado ng kasalukuyang oil spill sa karagatan, bilang pagtugon sa kanilang pangangailangan na isinagawa noong ika-3 ng Abril.

Nagtungo si Mayor Morillo sa tatlong apektadong Barangay sa Lungsod, para makiisa sa aktibidad na ito, kung saan ay kabilang dito ang Brgy. Lazareto na mayroon (303) tatlong daan at tatlong benepisyaryo, Brgy. Parang na mayroong (146) isang daan at apatnapu't anim na benepisyaryo, at Brgy. Suqui na mayroong (39) Tatlumpu't siyam na benepisyaryo.

Ang bawat isa ay nakatanggap ng 8 Walong

kilong bigas, na mayroong kasamang pack of assorted foods na naglalaman ng mga Meat Loaf, Corned Beef, at Noodles.

Kaugnay nito, taos puso ring nagpapasalamat ang butihing Ina ng Lungsod sa pakikipagtulungan ng mga masisigasang kasapi ng bawat Sangguniang Barangay, gayundin sa mga Punong Barangay na sina Brgy. Chairman Alexander Lasco ng Lazareto, Brgy. Chairman Roberto C. Garcia ng Parang, at Brgy. Chairman Richard A. San Agustin ng Suqui.

Ayon sa butihing Ina ng Lungsod, ang ipinamahaging tulong na ayuda ay unang yugto pa lamang, kaya naman sinisikap niya kasama ang Pamahalaang Lungsod na makalikom pa ng karagdagang pondo, at suportang madagdagang pa ito. Handa rin siyang tumulong sa mga mamamayan, at sa mga mangingisda, para sa kanilang pangkabuhayan (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



BLESSING OF SOLAR POWERED IRRIGATION SYSTEM (SPIS), ISINAGAWA



NAKIISA sina City Mayor Marilou Flores-Morillo at Vice Mayor Rommel Rodolfo "Bim" A. Ignacio sa pagbabasbas ng bagong "Solar Powered Irrigation System" para sa mga magsasaka, na ginanap sa Sitio Bagong Silang, Barangay Baruyan, Calapan City noong ika-3 ng Abril 2023.

Ang pagbabasbas sa proyektong ito ay pinangunahan ni Rev. Simplicio A. Bonquin, kung saan ay dumalo rin dito sina Oriental Mindoro, 1st District, Congressman Arnan C. Panaligan, City Agriculturist Ms. Lorelein V. Sevilla, at Barangay Chairperson Hon. Henry L. Dris, kasama ang mga miyembrong kasapi ng Baruyan Farmers Association.

Naisakatuparan ang proyektong ito na mula sa nasyonal sa pamamagitan ng Department of Agriculture- MIMAROPA, katuwang ang City Agricultural Services Department, at iba pang mga samahan,

kung saan ay nasa humigit kumulang na (P6,000,000) anim na milyong piso ang inilaang pondo para rito.

Naging bahagi rin ng aktibidad na ito sina Engr. Maria Christine C. Inting (Regional Executive Director - D.A. MIMAROPA), Ms. Marites M. Panopio (President- Baruyan Farmers Association), at Mr. Elinio Sandoval.

Ayon sa butihing Ina ng Lungsod, ang SPIS na ito ay tunay na malaki ang kaginhawanan na maidudulot sa mga magsasaka, dahil wala silang babayaranang kuryente, at wala rin silang babayaranang krudo. Sa ilalim ng kanyang administrasyon, nariyan ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan, gayundin ang City Agricultural Services Department, para umagapay at kumandili sa mga mamamayan, maging sa mga masisigasang magsasaka ng Lungsod. (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



MGA BATANG MAG-AARAL NA MULA SA IBA'T-IBANG CHILD DEVELOPMENT CENTER SA VICTORIA, BUMISITA SA CALAPAN CITY HALL



MAINIT NA SINALUBONG at tinanggap ng mga kawani ng Pamahalaang Lungsod sa Calapan City Hall ang mga batang mag-aaral kasama ang kani-kanilang mga magulang, gayundin ang Child Development Workers na mula sa Pakyas CDC, Malabo CDC, Poblacion IV CDC, Mabini CDC, at Victoria National Child Development Center (VNCDC) Victoria,

Oriental Mindoro, bilang bahagi ng pagsasagawa ng kanilang *“Lakbay Aral”*, noong ika-31 ng Marso.

Kabilang sa mga lugar na kanilang destinasyon ay ang Oriental Mindoro Heritage Museum, City Hall, Fire Station, Police Station, Bulusan Park, Calapan Pier, at ang isa sa mga Child Development Center sa Lungsod ng Calapan.

Sa pangunguna ni

Mr. Jonnel H. Maglalang na isang Child Development Teacher, kasama ang apat na ibang pang mga Guro, mahigit sa (95) Siyamnapu’t limang mga batang mag-aaral, kasama ang kanilang magulang ang nakiisa sa gawaing ito, na maaaring makaapekto, para sa kanilang Holistic Development.

Naisakatuparan ang naging *“Lakbay Aral”* ng mga batang mag-aaral

na mula sa Munisipalidad ng Victoria, kaagapay ang Municipal Social Welfare and Development Office, at Early Childhood Care and Development (ECCD) Council.

Samantala, naging katuwang ng mga bumisita sa Pamahalaang Lungsod ang City Tourism Office na pinamumunuan ni City Tourism Mr. Christian E. Gaud, kung saan ay ginabayan sila ni

Mr. Restituto G. Cueto na mula sa City Museum.

Naniniwala ang Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni City Mayor Marilou Florel-Morillo na ang ganitong uri ng makabuluhang aktibidad ay daan tungo sa epektibong pagkatuto, at makapagbibigay ng magandang karanasan sa mga batang mag-aaral. (Cedric Errol A. De Guzman/CIO)

